# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan ______________________________ Petsa ________________ Marka ——/20

## Mga sagot sa Pagkilala sa pangatnig

*Panuto:* Ikahon ang pangatnig sa bawat pangungusap.

1. Mabigat ang trapiko [kaya] nahuli ako sa klase.
2. Naglilinis siya ng silid [habang] nakikinig siya sa radyo.
3. Magbabasa ako ng aklat [o] manonood ako ng telebisyon.
4. Hindi kumikibo si Mario [kapag] malapit si Anna sa kanya.
5. Huwag mo siyang tularan [sapagkat] masama ang ginagawa niya.
6. Sasabay sana ako kay Maricar pauwi [subalit] nakaalis na pala siya.
7. Hindi pumasok sa paaralan si Nelia [dahil] sumakit ang kanyang ngipin.
8. Hindi siya matipid sa pagkain [palibhasa] marami ang perang baon niya.
9. Uuwi ako nang maaga [para] matulungan ko si Nanay sa mga gawaing bahay.
10. Naghintay si Nanay sa sala [hanggang] dumating si Tatay mula sa opisina.
11. Nagmadaling pumunta si Ted sa istasyon [ngunit] hindi niya naabutan ang tren.
12. Lalabhan ko ang damit ni Ariel [at] paplantsahin ko ang uniporme ni Alicia.
13. Mag-aaral ako nang mabuti [upang] mataas ang makuha kong marka sa pagsusulit.
14. Si Ate Rita ay bumili ng sariwang gulay [at] mga hinog na mangga sa palengke.
15. Si Tatay [o] si Kuya Martin ang susundo sa inyo sa paaralan mamayang hapon.
16. Dapat sabihin ko sa kanya ang katotohanan [ngunit] ayaw kong magalit siya sa akin.
17. Si Janice ang kakanta [dahil] siya ang pinakamagaling na mang-aawit sa klase natin.
18. Hindi niya makuha ang tamang sagot [bagama't] nakinig siya sa sinabi ng guro.
19. Gusto nilang maglaro sa palaruan [pero] pinagbawalan silang lumabas ng bahay.
20. Sumali sa paligsahan si Danilo [kahit] sinabi nila na wala siyang pag-asang manalo.